# Paglabas ng Balita

Ontario

Marso 26, 2024

# Nagtatayo ng Mas Mabuting Ontario

## *Isinasakatuparan ng 2024 na Budget* ang plano upang muling mabuo ang ekonomiya ng Ontario

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2024 na Budget: Bumubuo ng Mas Mabuting Ontario*. Tulad rin ng ibang bahagi ng mundo, patuloy na dumaranas ang Ontario ng kawalang-katiyakan sa ekonomiya dahil sa matataas na antas ng interes at pandaigdigang kawalan ng katatagan.

Ang mga pagsubok na ito ay nagdudulot ng kahirapan sa mga pamilya sa Ontario at sa kanilang pananalapi, at pati na rin sa pananalapi ng probinsiya. Ngunit kahit na naririto ang mga pagsubok na ito, patuloy na isinasakatuparan ng Ontario ang kanyang Plano na Magtayo (Plan to Build) sa pamamagitan ng pamumuhunan sa imprastraktura upang mas mabilis na makabuo ng mas maraming mga bahay, makaakit ng mas mabubuting mga trabaho na may mas malalaking sahod, pinananatiling mababa ang gastos para sa mga pamilya at negosyo, at ipinapatuloy ang landas upang maging balanse.

"Sa harap ng pandaigdigang kawalang-katiyakan sa ekonomiya at matataas na antas ng interes na patuloy na nagdudulot ng kahirapan sa mga pamilya sa Ontario, ang ating pamahalaan ay nagsasagawa ng responsableng pamamaraan sa pamamagitan ng pamumuhunan upang muling mabuo ang ekonomiya ng Ontario habang hindi nagtataas ng mga buwis," sabi ni Ministro Bethlenfalvy. "Habang namumuhunan tayo sa mahahalagang mga serbisyo sa publiko at imprastraktura, kabilang ang bagong mga kalsada, daang-bayan at ang pinakamalaking pagpapalago ng pampublikong sasakyan sa Hilagang Amerika, tinatanggihan nating ipasa ang mga gastos sa mga masisipag na pamilya o munisipalidad ng Ontario sa panahon na kung saan sila ay umaasa sa atin na mapanatiling mababa ang mga gastusin."

Kabilang sa pinakamahalagang mga ginawa ng Probinsiya ang:

- Pagbibigay ng tulong upang makapagbuo ng mas maraming mga bahay sa pamamagitan ng pamumuhunan ng $1 bilyon sa bagong Programa ng Imprastraktura sa Pabahay ng Munisipyo (Municipal Housing Infrastructure Program) at sa pagtaas ng apat na beses ng Pondo upang Mapagana ang mga Sistema ng Patubig sa Bahay (Housing-Enabling Water Systems Fund) patungo sa kabuuang $825 milyon upang matulungan ang mga munisipalidad na maisaayos at mapalago ang lubos na mahahalagang imprastrakturang kinakailangan upang makamit nila ang kanilang mga layunin sa pabahay.
- Pagkokonekta ng tinatayang 600,000 katao sa pangunahing pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng kabuuang karagdagang pamumuhunan na $546 na milyon sa loob ng tatlong taon.
- Paglulunsad ng bagong $200 milyong Imprastrakturang Pondo para sa Palakasan at Libangan ng Komunidad (Community Sport and Recreation Infrastructure Fund) upang mapalakas ang mga komunidad sa buong haba ng Ontario sa pamamagitan ng pamumuhunan sa bagong mga pasilidad na kaugnay sa palakasan, libangan at komunidad.

- Pamumuhunan ng $46 na milyon sa loob ng tatlong taon, kabilang ang pagbili ng apat na helicopter para sa pulis, upang mapabuti ang kaligtasan ng komunidad sa Lugar ng Greater Toronto sa pamamagitan ng pagbibigay-suporta sa mas malimit na mga patrolya at mas mabibilis na pagtugon sa malalaking kaganapan at mga seryosong krimen.
- Pagpapanatiling mababa ang mga gastos para sa mga tao at negosyo sa pamamagitan ng pagmumungkahi na ipagpatuloy ang pansamantalang pagbawas sa antas ng buwis sa gasolina na 5.7 sentimo kada litro at ang antas ng buwis sa diesel na 5.3 sentimo kada litro hanggang Disyembre 31, 2024. Magreresulta ito sa pagkakatipid ng mga sambahayan sa Ontario ng $320 sa karaniwan simula nang unang isinakatuparan ang mga pagbabawas noong Hulyo 2022. Ang kaluwagang ito ay lubos na mahalaga dahil ang pederal na buwis para sa carbon ay nakahandang tumaas sa Abril 1, 2024.
- Pagbibigay ng tulong sa mga manggagawa at sa mga naghahanap ng trabaho, kabilang ang mga baguhan o apprentice, na kanilang makamit ang mga kasanayang kinakailangan upang maisulong nila ang kanilang karera sa pamamagitan ng karagdagang $100 milyong pamumuhunan sa 2024–25 sa pamamagitan ng Pondo para sa Pag-unlad ng mga Kasanayan sa Tulong ng Pagsasanay (Skills Development Fund Training Stream).
- Sinusuportahan ang mga indibidwal na dumaranas ng hindi matatag na kalagayan sa pabahay at sumasailalim ng mga kahirapang kaugnay sa kalusugang pangkaisipan at pagkagumon sa pamamagitan ng pamumuhunan ng karagdagang $152 milyon sa loob ng tatlong taon patungo sa iba't ibang mga inisyatibang nagbibigay-suporta sa pabahay na idinisenyo upang matulungan ang mga taong nangangailangan.

“Ang ating responsableng pamamalakad ay nagbibigay sa atin ng kakayahang masuportahan ang mga pamilya, manggagawa at munisipalidad ng Ontario, habang ipinapatuloy ang landas upang maging balanse,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Patuloy tayong maingat na mamumuhunan upang matulungan na makabuo ng mas malalakas na komunidad at mas mabubuting pagkakataon para sa mga henerasyon sa hinaharap.”

## *MABILISAN NA MGA KATOTOHANAN*

- Para sa 2023–24, tinataya ng pamahalaan na magkakaroon ng $3.0 na bilyong kakulangan. Bilang bahagi ng landas upang maging balanse, tinataya ng pamahalaan na magkakaroon ito ng $9.8 bilyon na kakulangan sa 2024–25 at $4.6 na bilyon sa 2025–26, bago magkaroon ng kalabisan na $0.5 bilyon sa 2026–27.
- Ang tunay na GDP ng Ontario ay lumago nang tinatayang 1.2 porsiyento noong 2023 at tinatayang tataas nang 0.3 porsiyento sa 2024, 1.9 na porsiyento sa 2025, 2.2 porsiyento sa 2026 at 2.2 porsiyento sa 2027. Para sa layunin ng maingat na pagpaplano sa pananalapi, ang mga pagtatayang ito ay medyo mas mababa kung ikukumpara sa mga karaniwang ipinapalagay ng mga nasa pribadong sektor.

## KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON

Basahin ang *2024 na Budget: Nagtatayo ng Mas Mabuting Ontario*

Basahin ang mahahalagang bahagi ng *2024 na Budget*

Basahin ang *Backgrounder: Buod ng Ekonomiya at Pananalapi*

Basahin ang *2023 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario*: *Magkakasamang Bumubuo ng Malakas na Ontario*

---

## MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA

ontario.ca/finance-news
*Disponible en français*

**Colin Blachar**
**Opisina ng Ministro**
416-325-0400
Colin.Blachar@ontario.ca

**Scott Blodgett**
**Sangay ng Komunikasyon**
416-728-9791
Scott.Blodgett@ontario.ca